LONGBEACH COMMUNITY DEVELOPMENT

ABISO SA PUBLIKO

ABISO TUNGKOL SA PAMPUBLIKONG PAGDINIG

ABISO TUNGKOL SA PAMPUBLIKONG PAGDINIG: Sa Lunes, Oktubre 7, 2024, nang 4:00 p.m., ang Long Beach Community Investment Company (Kompanya ng Pamumuhunan sa Komunidad ng Long Beach) ay magsasagawa ng pampublikong pagdinig sa 2nd Floor Large Conference Room, City Hall, 411 W. Ocean Blvd., Long Beach.

Layon ng pampublikong pagdinig na makatanggap ng mga komento mula sa publiko tungkol sa Aplikasyon para sa Pathways to Removing Obstacles (PRO Housing, Pabahay para sa mga Landas tungo sa Pag-aalis ng mga Balakid). Ang PRO Housing ay isang programa ng grant na batay sa kompetisyon, na pinopondohan ng U.S. Department of Housing and Urban Development (HUD, Kagawaran ng Pabahay at Pagpapaunlad sa Lungsod) at naghahangad na matukoy at maialis ang mga hadlang sa abot-kayang paggawa at pangangalaga ng pabahay. Kasama sa mga panukalang aktibidad ang pagtatayo ng pabahay sa mga lugar na maraming mapagkukunan sa pamamagitan ng bagong konstruksiyon, acquisition, at rehabilitasyon ng mga umiiral nang yunit na pangmaraming pamilya, at pagpopondo sa programang Community Land Trust (Pagkatiwala ng Lupa sa Komunidad) para sa pinagsama-samang kabuoang halagang $7,000,000.

Ilalabas ang mga draft na kopya ng Aplikasyon para sa PRO Housing simula Setyembre 30, 2024 para sa pagkokomento ng publiko sa loob ng 15 araw sa seksiyong “Latest News (Pinakabagong Balita)” ng web page ng Development Services (Mga Serbisyo ng Pagpapaunlad) sa http://www.longbeach.gov/lbds.

Hangad ng City of Long Beach na makapagbigay ng makatwirang akomodasyon para sa Pampublikong Pagdinig alinsunod sa Americans with Disabilities Act (ADA, Batas para sa mga Amerikanong may mga Kapansanan) ng 1990. Kung kailangan mo ang dokumentong ito sa alternatibong format o kailangan mo ng mga espesyal na akomodasyon upang makalahok sa pampublikong pagdinig, makipag-ugnayan kay Mary Daou sa (562) 570-7167 o Mary.Daou@longbeach.gov nang hindi iikli sa 48 oras bago ang pagdinig sa Oktubre 7, 2024. Ang mga nakasulat na komento ay dapat matanggap hanggang sa Oktubre 3, 2024 at naka-address kay Mary Daou, Community Development Department (Kagawaran ng Pagpapaunlad sa Komunidad), 411 W. Ocean Blvd., 2nd Floor, Long Beach, CA 90802 o Mary.Daou@longbeach.gov.

Upang hilingin ang impormasyong ito sa alternatibong format o upang humiling ng makatwirang akomodasyon, makipag-ugnayan sa Development Services Department (Kagawaran ng mga Serbisyo ng Pagpapaunlad) sa longbeach.gov/lbds at 562.570.3807. Hinihiling na maglaan ng minimum na tatlong araw ng negosyo upang matiyak ang availability; pagsisikapang mapagbigyan ang mga hiling na naiparating sa loob ng mas maikling panahon.